

This document has been updated; translations are in progress

本文檔已更新；翻譯正在進行中

Ang dokumentong ito ay na-update; isinasagawa ang mga pagsasalin

Este documento ha sido actualizado; las traducciones están en curso

Этот документ обновлен; переводы в процессе

تم تحديث هذه الوثيقة؛ الترجمات قيد التقدم

Tài liệu này đã được cập nhật; bản dịch đang được tiến hành



City and County of
San Francisco

Department of Public Health
Health Officer Directive

Exhibit A sa Direktiba ng Opisyal sa Kalusugan No. 2020-18 (inisyu 6/13/20)

Pinakamahasay na Kasanayan para sa Operasyon ng Pasilidad ng Opisina para sa Negosyo

Bilang karagdagan sa paghahanda, pag-paskil, at pagpapatupad ng Protokol sa Social Distancing na kinakailangan sa Seksyon 6 at subseksyon 15.h ng Kautusan ng Opisyal sa Kalusugan No. C19-07e (ang “Stay-Safe-At-Home Order”), ang bawat pasilidad ng opisina na nagpapatakbo sa Lungsod ay dapat sumunod sa bawat rekisito na nakalista sa ibaba at maghanda ng isang Plano sa Kalusugan at Kaligtasan na may kabuuang ayos ng Exhibit B sa ibaba.

Rekisito:

1. Seksyon 1 – Rekisito para sa lahat ng Pasilidad ng Opisina:

- 1.1.** Gumawa ng anumang kinakailangang mga pagsasaayos sa pagkakaayos ng Pasilidad ng Opisina para payagan ang tamang social distancing. Ang mga nasabing pagsasaayos ay maaaring isama ang ilan o lahat ng mga sumusunod, kung saan magagawa: pagdaragdag ng mga pananda sa espasyo sa sahig para maghudyat ng angkop na social distancing; paglalagay ng anim na talampakan o higit pang agwat sa pagitan ng mga lalagyan o istante; pagpapalawak ng mga daanan na may mataas na trapiko; o pagdaragdag ng mga tabing na Plexiglass sa mga lugar kung saan nakalagay ang mga resepsyonista at guwardiya.
- 1.2.** Kung ang lahat o bahagi ng isang Pasilidad ng Opisina ay walang tao o walang gumagamit ng mahabang panahon sa oras ng Kautusan ng Stay-Safe-At-Home, ang Pasilidad ng Opisina ay dapat tiyakin na ang tuberyas ay gumagana at ang mga tubo ay nai-flush bago gamitin. Nagbibigay ang San Francisco PUC ng gabay para sapag-flush at paghahanda ng mga sistema sa tubig sa: <https://sfwater.org/index.aspx?page=1327>.
- 1.3.** Gumawa ng anumang kinakailangang mga pagpapabuti sa bentilasyon ng Pasilidad ng Opisina, kasama:
 - 1.3.1.** Tiyakin na ang sistema ng HVAC at mga palitan ng hangin ay nakumpuni at maayos na gumagana.
 - 1.3.2.** Kung magagawa, dapat na dagdagan ng Pasilidad ng Opisina ang porsyento ng panlabas na hangin sa pamamagitan ng sistema ng HVAC, hindi paganahin ang mga kontrol sa bentilasyon na nagbabawas ng suplay ng hangin batay sa temperature o tao, at dagdagan ang natural na bentilasyon sa pamamagitan ng pagbubukas ng mga bintana kapag pinapayagan ng mga kondisyon sa kapaligiran at mga kinakailangan sa gusali.
 - 1.3.3.** Isaalang-alang ang pagpapatakbo ng sistema ng bentilasyon ng gusalikahit na walang tao para mapadami ang bentilasyon.
 - 1.3.4.** Kung ang Pasilidad ng Opisina ay gumagamit ng mga naka pedestal o nakasabit na bentilador, ayusin ang mga lokasyon ng bentilador para mabawasan ang pagbuga ng hangin mula sa bentilador ng isang Tauhan papunta sa lugar ng iba.



City and County of San Francisco

Department of Public Health Health Officer Directive

- 1.3.5.** Ang Pasilidad ng Opisina ay dapat hingin sa Tauhan na alisin ang anumang mga personal na bentilador mula sa lugar ng trabaho para mabawasan ang potensyal na pagkalat ng mga anumang virus na nasa hangin o aerosolized.
- 1.4.** Bumuo ng isang plano para matiyak na ang Tauhan ay sumusunod sa mga rekisto ng social distancing at para limitahan ang bilang ng mga tao sa Pasilidad ng Opisina sa isang takdang oras, naaayon sa mga rekisito ng Kautusan ng Stay-Safe-At-Home. Kailangang matugunan ang mga nasabing plano: (i) na hinihiling sa Tauhan na ipaalam sa namamahala bago pumasok sa Pasilidad ng Opisina; Pagiba-ibahin ang mga oras ng shift ng mga Tauhan para maiwasan ang paglabis sa limitasyon sa kapasidad, at maglaan para sa kalinisan; (iii) hilingin sa lahat ng Tauhan na maaaring magsagawa ng kanilang trabaho mula sa bahay na mag-telecommute; (iv) ang pag-palit ng mga personal na pagpupulong sa online na pagpupulong; at (v) at hikayatin ang mga miyembro ng publiko, tinder, at mg akontratista na gumawa ng appointment bago pumunta sa Pasilidad ng Opisina.
- 1.5.** Baguhin ang mga patakaran para sa paggamit ng mga elevator at hagdan na nagsisilbing daan papunta, mula, at sa loob ng Pasilidad ng Opisina.

 - 1.5.1.** Kung magagawa, gawing daanan ang mga hagdan para sa mga Tauhan at mga bisita na pumapasok sa Pasilidad ng Opisina. Hikayatin ang mga Tauhan na pisikal na maaaring gumamit ng hagdan na ito ang gamiting daanan.
 - 1.5.2.** Limitahan ang kapasidad sa mga elevator hanggang sa **mas mababa** sa: (1) apat na tao; o (2) ang bilang ng mga tao na maaaring magkasya sa elevator habang pinapanatili ang hindi baba sa anim na talampakan distansya mula sa bawat isa. Sa panahon ng pagpasok at paglabas sa mga gusali, ang bilang na ito ay maaaring mabago sa apat na indibidwal sa bawat oras para sa anumang elevator na hindi pinapayagan ang anim na talampakan na pisikal na distansya sa pagitan ng bawat sumasakay.
 - 1.5.3.** Magdagdag ng karatula sa mga elevator at sa lahat ng palapag na nangangailangan sa sinumang sumakay sa elevator na magsuot ng Panakip-Mukha tulad ng ibinigay sa Kautusan sa Kalusugan No. C19-12b na inisyu noong Mayo 28, 2020, at anumang darating na pagbabago sa nasabing kautusan (ang “Face Covering Order”) at hangga’t maaring pagpapaiwas sa mga tao sa pakikipag-usap sa loob ng elevator.
 - 1.5.4.** Magbigay ng sanitizer sa kamay sa labas ng mga elevator sa pinaka-ibabang palapag.
- 1.6.** Hilingin na ang mga Tauhan at mga miyembro ng publiko na pumapasok sa Pasilidad ng Opisina na magsuot ng mga Panakip-Mukha tulad ng ibinigay sa Kautusan ng Pagtatakip ng Mukha.
- 1.7.** Bumuo ng isang plano at ipatupad ang araw-araw na sariling pagpapatibay ng mga Tauhan sa sintomas ng COVID-19 tulad ng hinihiling sa Protokol ng Social Distancing (na nilalaman Opisyal ng Kalusugan No. C19-07e, inisyu noong Hunyo 1, 2020 at anumang darating na pagbabago sa nasabing kautusan) (ang “Protokol sa Social Distancing”).
- 1.8.** Bumuo ng isang plano at ipatupad ang mga rekisito sa kalininisan, kabilang ang:



City and County of San Francisco

Department of Public Health Health Officer Directive

- 1.8.1.** Turuan ang lahat ng Tauhan na hugasan ang kanilang mga kamay ng madalas gamit ang sabon at tubig nang hindi bababa sa 20 na segundo at maghugas ng kamay o umamait ng sanitizer sa kamay (na ibinigay ng Pasilidad ng Opisina) bago at pagkatapos hawakan ang mga pang-ibabaw na madalas mahawakan, tulad ng mga makinang pang-kopya o mga halinhinang kagamitan sa opisina, kasangkapan, o materyales.
- 1.8.2.** Tiyakin na ang mga Tauhan ay nakakakuha ng gamit sa paglilinis para malinis nila ang mga pang-ibabaw na gamit para sa sarili kapag wala ang mga tauhan na tagapangalaga ng kalinisan .
- 1.8.3.** Linisin at disimpektahin ang mga pang-ibabaw na madalas nahahawakan sa mga karaniwang lugar palagi sa buong araw at kung hindi man, ay dapat alinsunod sa Protokol ng Social Distancing. Kasama sa mga karaniwang lugar, ngunit hindi limitado sa mga sumusunod na karaniwang ginagamit na lugar: lobbies, pahingahan o upuan, silid ng pagpupulong, pasukan, pasilyo, banyo, elevator, at mga hagdanan. Linisin at disimpektahin ang lahat ng mga pang-ibabaw at aparato na madalas mahawakan na matatagpuan sa mga karaniwang lugar tulad ng mga hawakan ng pinto, rehas, gripo, banyo, pindutan ng elevator, kasangkapan, computer, telepono, at iba pang mga aparato na hinahawakan ng maraming tao sa loob ng isang araw. Linisin at disimpektahin ang Espasyo ng Opisina sa pagtatapos ng isang pag-upa at bago gamitin ng bagong uupa ang Espasyo ng Opisina.
- 1.8.4.** Maghintay hanggang sa ang lahat ng mga tao ay nkaalis na sa kanilang opisina o personal na lugar ng trabaho sa araw na iyon bago linisin ang lugar. Kung maaari, maghintay ng hindi babab sa isang oras matapos mabakante ang espasyo bago linisin ang lugar. Kung maaari, ang Tauhan ay dapat din maghintay ng isang oras matapos na malinis ang espasyo bago bumalik sa lugar ng trabaho.
- 1.9.** Kung magagawa, pagbawalan ang mga Tauhan mula sa halinhinang paggamit ng mga kagamitan, tulad ng mga telepono, talahanayan, aparador ng dokumento, makina sa pagkopya, at mesa. Ang anumang kasangkapan, aparato, o kagamitan na dapat gamitin ng higit sa isang indibidwal ay dapat na sanitized sa isang paraan na sumusunod sa mga iniaatas na nilalaman sa Protokol ng Social Distancing. Kung ang Tauhan ay kinakailangan magbahagi ng espasyo sa trabaho, tulad sa mga palitan ng shift, ang lokasyon ay dapat na sanitized sa isang paraan na sumusunod sa nilalaman na mga rekisito sa Protokol sa Social Distancing pagkatapos ng bawat paggamit.
- 1.10.** Iwasan ang di-mahalagang pagbiyahe parasa Tauhan sa pagitan ng mga lugar ng trabaho at pagbiyahe para sa negosyo sa labas ng San Francisco.
- 1.11.** Ang mga Pasilidad ng Opisina na may mga gym o iba pang kagamitan sap ag-eehersisyo ay hindi dapat pahintulutan ang anumang paggamit ng gym o kagamitan hanggang sa ang mga pasilidad sa gym ay pinahihintulutan sa ilalim ng Kautusan ng Saty-Safe-At-Home o iba pang utos ng Opisyal ng Kalusugan. Kapag pinapayagan na ang pagbubukas ng mg apasilidad ng gym, dapat sumunod ang mg aPasilidad ng Opisina sa anumang patnubay sa industriya na para sa mga tumatakpong gym o mga kagamitan sa pagpapalakas ng katawan.
- 1.12.** Kung ang Tauhan o isang miyembro ng publiko at tumangging sumunod sa Kautusan ng Pagtatakip ng Mukha o iba pang probisyon ng Direktibang ito, dapat tanggihan ng Pasilidad ng Opisina ang pagpasok sa pasilidad o hilingin na iwan ng indibidwal ang



City and County of San Francisco

Department of Public Health Health Officer Directive

pasilidad. Wala sa Direktiba na ito na inilaan para baguhin ang mga obligasyon ng Pasilidad ng Opisina na maaaring sa kabilang banda ay sumasailalim sa naaangkop na batas para magbigay ng makatuwirang pagtanggap sa mga Tauhan o miyembro ng publiko.

1.13. Ang mga Pasilidad ng Opisina na nagpapanatili din ng mga pribadong pagaaring bukas na espasyo sa publiko ay dapat sumunod sa Protokol ng Social Distancing para sa nasabing espasyo. Ang mga Pasilidad ng Opisina ay dapat din ilagay ang mga madalas na nahahawakang kagamitan at kasangkapan na nasa bukas na espasyo, tulad ng mesa, bangko, at silya, na bawal gamitin sa pamamagitan ng pagtanggap ditto, o sa paglalagay ng mga abiso at pisikal na hadlang, kung naaangkop.

2. Seksyon 2: Rekisto na Partikular sa Pasilidad ng Opisina na Hindi Naiuuri bilang isang “Esensyal na Negosyo”

2.1. Ang mga Pasilidad ng Opisina na hindi Esensyal na Negosyo ay maaaring mapalawak ang mga operasyon na lampas sa Pinakamaliit na Pangunahing Operasyon, tulad ng nakalagay sa Kautusan ng Stay-At-Home, ngunit kung hanggang saan pinahihintulutan ng Pasilidad ng Opisina ang Tauhan na mag-telecommute hanggang sa pinakamatagal na posible at kinakailangan lamang para matukiyak ang mga operasyon ng negosyo.

2.2. Ang mga Pasilidad ng Opisina na hindi Esensyal na Negosyo ay dapat ayusin ang kanilang pinakamataas na mga panuntunan sa trabaho na batay sa laki ng Pasilidad ng Opisina para limitahan ang bilang ng mga tao (kabilang ang mga Tauhan at mga miyembro ng publiko), tulad ng sumusunod:

2.2.1. Ang mga negosyo mas kaunti sa 20 mga Tauhan ay dapat mabawasan ang kanilang pinakamataas na bilang ng mga taon na maaaring mapanatili ang hindi bababa sa anim na talampakan ng pisikal na distansya mula sa bawat isa sa Pasilidad ng Opisina sa lahat ng oras.

2.2.2. Ang mga negosyo na may 20 o higit pang Tauhan ay dapat bawasan ang kanilang pinakamaraming bilang sa mas mababa sa: (1) 20% ng normal na pinakamaraming bilang ng tao sa Pasilidad ng Opisina, o (2) ang bilang ng mga tao na maaaring mapanatili ay hindi bababa sa anim na talampakan ang pisikal na distansya sa bawat isa sa Pasilidad ng Opisina sa lahat ng oras.